7

# Lingguhang Aralin sa Filipino

Kwarter 2

Aralin 3

IMPLEMENTATION OF THE MATATAG K TO 10 CURRICULUM

PAG-AARI NG PAMAHALAAN
HINDI IPINAGBIBILI

**Modelong Banghay Aralin sa Filipino 7**
**Kuwarter 2: Aralin 3 (Linggo 6)**
**TP 2024-2025**

Ang materyal na ito ay inilaan lamang para sa paggamit ng mga guro na kalahok sa implementasyon ng MATATAG K to 10 Curriculum sa School Year 2024-2025. Layunin nito na tumulong sa paghahatid ng mga nilalaman, pamantayan, at mga kasanayang pampagkatuto ng kurikulum. Ang anumang hindi awtorisadong pagkopya, pamamahagi, pagbabago, o paggamit ng materyal na ito labas sa itinakdang saklaw ay mahigpit na ipinagbabawal at maaaring magresulta sa angkop na mga mga legal na hakbang at kaparusahan.

Ang mga akda na ginamit sa materyal na ito ay nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsumikapang matunton ang mga ito upang makuha ang pahinulot sa paggamit ng materyales. Hindi inaangkin ng mga bumuo ng materyal ang karapatang-aring iyon.

**Development Team**

Writer/s:
- Joel C. Malabanan, Ph.D. (Philippine Normal University Manila)

Validator/s:
- Voltaire M. Villanueva, Ph.D. (Philippine Normal University Manila)

**Management Team**
Philippine Normal University
Research Institute for Teacher Quality
SiMERR National Research Centre


Pinagsikapang tiyakin ang kawastuhan ng mga impormasyon na nasa materyal na ito. Para sa mga katanungan o puna, maaari pong sumulat o tumawag sa Tanggapang ng Direktor ng Bureau of Learning Resources sa pamamagitan ng pagtawag sa mga numero ng telepono (02) 8634-1072 at 8631-6922 o sa pamamagitan ng email sa blr.od.@deped.gov.ph.

| **I. NILALAMAN NG KURIKULUM, PAMANTAYAN, AT MGA KASANAYAN SA ARALIN** | |
|---|---|
| **A. Mga Pamantayang Pangnilalaman** | Naipamamalas ng mga mag-aaral ang kasanayang komunikatibo, malikhain, at kritikal na pag-unawa at pagsusuri ng mga tekstong pampanitikan sa Panahon ng Katutubo (Tuluyan) at tekstong impormasyonal (eskpositori) para sa paghubog ng kaakuhan at pagpapahalagang Pilipino, at pagbuo ng mga teksto sa iba't ibang paraan (multimodal) para sa tiyak na layunin, pagpapakahulugan, at target na babasa o awdiyens. |
| **B. Mga Pamantayan sa Pagganap** | Nakabubuo ng brochure para sa bayograpikal na sanaysay ng isang tauhan sa binasang akda na isinasaalang-alang ang elemento ng biswal at multimodal na may paglalapat ng kasanayang komunikatibo at etikal na kasanayan at pananagutan. |
| **C. Mga Kasanayan at Layuning Pampagkatuto** | **Naipapamalas ang mga kasanayang pang-akademiko.**<br>a. Natutukoy sa paksa, layon at ideya, pagtatala ng mahalagang impormasyon.<br>b. Nagagamit nang buong husay ang mga mekaniks sa pagsulat (diksiyon, estilo, at paggamit ng transisyonal at kohesiyong gramatikal).<br>c. Nakagagamit ng angkop na mga salita sa pagpapahayag ng ideya at pagbuo ng talata.<br><br>**Nakapagsusuri ng mga Tekstong Ekspositori.**<br>a. Nakapagsusuri ng mga memoirs, journals, personal na sanaysay, kasaysayan, heograpiya, aklat ukol sa mga hayop at halaman, tekstong pang-instruksyon, siyentipiko at medikal na teksto at ulat, legal na dokumento, impormasyonal na brochure, menu, resipe at listahan ng mga pamimili.<br>b. Natatalakay ang deskripsyon ng nilalaman ng produkto at transkripsyon ng talumpati<br><br>**Nakasusulat ng tekstong ekspositori na nagtataguyod ng Global na Pagkamamayan.**<br>a. Naipapahayag ang saloobin sa mga isyung panlipunan sa pamamagitan ng pagsulat ng Tekstong Ekspositori<br>b. Nailalahad ang papel ng tektong ekspositori sa pagtataguyod ng katarungang panlipunan, karapatang pantao at pangmatagalang kaunlaran (sustainable development) |
| **D. Nilalaman** | • Mga kasanayang pang-akademiko:<br>pagtukoy sa paksa, layon at ideya, pagtatala ng mahalagang impormasyon (detalye),<br>mekaniks sa pagsulat (diksyon, estilo at paggamit ng transisyonal at kohesiyong gramatikal), paggamit ng angkop na mga salita sa pagpapahayag ng ideya at pagbuo ng talata) |

| | |
|---|---|
| | • Mga Tekstong Ekspositori<br>memoirs, journals, personal na sanaysay, kasaysayan, heograpiya, aklat ukol sa mga hayop at halaman, tekstong pang-instruksyon, siyentipiko at medikal na teksto at ulat, legal na dokumento, impormasyonal na brochure, menu, resipe, listahan ng mga pamimili, at deskripsyon ng nilalaman ng produkto at transkripsyon ng talumpati). |
| **E. Integrasyon** | • Global na Edukasyon sa Pagkamamamayan<br>• Kalagayan ng *Journalism* o Pamamahayag sa Pilipinas<br>• Kasaysayan |

## II. BATAYANG SANGGUNIAN SA PAGKATUTO


- Barongan, Elijah et al (2021) Utak at papel bilang sandata: Kalagayan ng malayang pamamahayag, tinalakay sa State of the Campus Press Forum ng CEGP https://www.plaridel.ph/index.php/2021/02/19/utak-at-papel-bilang-sandata-kalagayan-ng-malayang- pamamahayag-tinalakay-sa-state-of-the-campus-press-forum-ng-cegp/
- Cabardo, R., Dy, J. L., Ipaz, J. P., & Bejison, R. M. (2022). *Tuon-Dunong: Batayang Aklat at Modyul sa Filipino 7* (V. M Villanueva, Ed.) [Filipino]. Johnny and Hansel Publications.
- Cabardo, R., Dy, J. L., Ipaz, J. P., & Bejison, R. M. (2022). *Tuon-Dunong: Batayang Aklat at Modyul sa Filipino 8* (V. M Villanueva, Ed.) [Filipino]. Johnny and Hansel Publications.
- Donato, Tony (2018). Nasaan ang Talaarawan ng Katipunerong si Castor de Jesus? http://katonynabanlawkasaysayan.blogspot.com/2018/08/saan-ang-talaarawan-ng-katipunerong.html
- Panitikang Pilipino: Filipino Modyul para sa Mag-aaral 8
- Ricarte, Artemio (1927) Himagsikan ng mga Pilipino Laban sa mga Kastila https://www.oocities.org/valkyrie47no/ricarte.htm
- Santiago, L. (2007). Mga Panitikan ng Pilipinas. C & E Publishing Inc. Quezon City.
- Villanueva, Voltaire M. 2018. #ABKD: Ako Bibo Kase Dapat (Alpabeto ng Inobatibo at Makabagong Guro ng Araling Panlipunan, Edukasyon sa Pagpapakatao, at Filipino. VMV Publishing House. Makati: Bangkal.
- World Report (2023) *Pilipinas Mga Pangyayari noong 2022* https://www.hrw.org/tl/world-report/2023/country-chapters/383633

| III. MGA HAKBANG SA PAGTUTURO AT PAGKATUTO | | MGA TALA SA GURO |
|---|---|---|
| **A. Pagkuha ng Dating Kaalaman** | **Unang Araw**<br>**1. Maikling Balik-aral**<br>**A. BANGKA NG PANGANGAYAW:** Sa bawat layag ng bangka ay itala ang mga halimbawa ng tekstong ekspositori na natatandaan mo.<br><br>**B. BUGTONG-AWITAN:** Ibigay ang kasagutan matapos maawit ang sumusunod na bugtong. Ipaliwanag ang kasagutan.<br><br>**1. Sa tono ng "Anak " Freddie Aguilar**<br>Personal ito na talaan<br>Bahagi ng kasaysayan<br>May-akda ay saksi<br>Sa mga pangyayari!<br><br>**2. Sa tono ng "Pusong Bato" (chorus)**<br>Kapag ikaw ay maysakit ito ay ginagamit<br>Listahan ng iyong gamot di dapat ipagkait<br>Kung nais ay kaligtasan, listahan ay ingatan<br>Upang gumaling sa iyong karamdaman | Sa Pangangayaw ng mga ninuno nating Austronesian, nakukuha nila ang hangad na ginhawa, dangal, at pag-unlad ng buhay. Sa Bangka ng Pangangayaw, makikilala ang mga konseptong natatandaan ng mga mag-aaral mula sa mga nakaraang talakayan.<br><br>Hindi dapat mawala sa klasrum ang tradisyunal na kantahan upang basagin ang monopolyo ng mahabang diskurso. Sa Bugtong-Awitan, hindi lamang nababalik-aralan ang mga Awiting Bayan kundi napatatalas ang diwa sa pagsagot sa itinatatanong ng awit. |

| | | |
|---|---|---|
| | **3. Sa tono ng "Paroparong Bukid"**<br>Pandaigdigan, itong panawagan<br>Nasa pagtuturo'y bigyang kabuluhan<br>Karapatang Pantao at Kapayapaan<br>Natatanging susi tungong kaunlaran. | |
| **B. Paglalahad ng Layunin** | **1. Panghikayat na Gawain**<br>**TUKOY-SALITA:** Tukuyin ang kung ano ang konseptong inilalarawan sa sumusunod na pahayag. Sabihin sa klase ang sagot.<br><br>1. Binubuo ito ng ilang makulay na pahinang nakatiklop at naglalaman ng impormasyon tungkol sa isang negosyo, serbisyo, paaralan at iba pa.<br>2. Talaan ito ng mga gamot at paalala ng manggamot sa kaniyang pasyente.<br>3. Listahan ito ng mga putahe, inumin o pagkaing maaaring bilhin sa isang kainan.<br>4. Ito ang naitalang pahayag ng isang kilalang tao sa isang okasyon.<br>5. Talambuhay ito ng isang aktuwal na nakasaksi sa mahalagang bahagi ng pangyari o kasaysayan. | Mga gawaing panghikayat.<br><br>Malaki ang ambag ng gawaing ito upang makuha ang atensiyon ng mga mag-aaral.<br>Gamiting modelo ang gawaing inihanda.<br><br>Mga Sagot:<br>1. Brochure<br>2. Medikal na Teksto<br>3. Menu<br>4. Transkripsyon ng talumpati<br>5. memoir |
| | **2. Paglinang sa Kahalagahan sa Pagkatuto sa Aralin**<br><br>**Iba Pang Mga Halimbawa ng Tekstong Espositori**<br><br>Ang **Tekstong Expositori** ay mga sulating nagbibigay ng impormasyon na may kinalaman sa Agham, Kasaysayan, at Agham Panlipunan. Ang layunin nito ay magbigay ng dagdag na kaalaman sa mambabasa kaugnay sa mga bunga ng pananaliksik, pagsusuri, pagluluto o anoumang mahalagang paksa. Ilan pa sa mga pangunahing halimbawa ng Tekstong Ekspositori ay ang sumusunod:<br><br>**1. Memoir –** ito ay naratibo ng aktuwal na karanasan ng isang tao tungkol sa isang mahalagang pangyayari sa kasaysayan. Ayon sa *historian* na si Tony Donato (2018), kaugnay sa Katipunan na nakibaka sa mga laban sa mga Kastila, tatlo lamang ang nasusulat na memoir. Ito ay ang Katipunan at ang Rebolusyon ni Heneral Santiago Alvarez, memoir ni Heneral Artemio Ricarte at ang Talaarawan ng Katipunerong si Castor de Jesus. Itong ikatlo ang pinaniniwalaang | Ang bahaging ito ay pag-iisa-isa sa mga pangunahing uri ng Tekstong Ekspositori.<br><br>Maaaring magdagdag ang guro ng mga paliwanag at iba pang halimbawa. |

makasasagot tungkol sa sinapit ng Supremo ng Katipunan na si Andres Bonifacio

| Bakit mahalaga ang mga tekstong ekspositori? | Ano ang ambag ng iba't ibang tekstong ekspositori sa pagpapalaganap ng impormasyon? |
| --- | --- |
| ______________________________ ______________________________ ______________________________ ______________________________ ______________________________ | ______________________________ ______________________________ ______________________________ ______________________________ ______________________________ |

at ng kaniyang mga kapatid sa malupit na kamay ni Heneral Aguinaldo.

2. **Medikal na Teksto -** talaan ng mga gamot at paraan ng paggamit ng mga ito ang makikita sa medikal na teksto. Maaari ring makita ang medikal na rekord ng isang naging pasyente.

3. **Brochure –** sa Pilipinas, kalimitang ginagamit ang *brochure* bilang pamphlet para sa mga pribadong paaralan at mga kompanya tulad ng bangko, *malls* at iba pa. Naglalahad ito ng impormasyon na maaaring makapukaw ng atensiyon o mapakikinabangan ng sinoman. Ang mga *brochure* ng paaralan ay naglalaman ng mga kursong *offered* para sa mga interesadong pumasok pati na rin ang *mission*, *vision* at *history* ng pagkatatag ng nasabing paaralan.

4. **Menu** – ang *menu* ay ang komprehensibong talaan ng mga ulam, pagkain at inumin na ibinebenta ng isang restawran. Nakalagay sa menu ang mga presyo ng bawat pagkain pati na ang mga combo meals para mas malakihang order.

5. **Transkripsyon ng Talumpati** – ito ay lagom ng mahahalagang impormasyong binanggit sa isang talumpati. Halimbawa nito ay ang mahahalagang pangako at programa ng pangulo ng Pilipinas na binanggit niya sa kaniyang State of the Nation Address (SONA). Kalimitang ginagamit ito ng mga mamahahayag sa telebisyon na naghahatid ng mga balita.

**3. Paghawan ng Bokabolaryo sa Nilalaman ng Aralin**

**TUKOY-GAMIT**: Tukuyin ang kahulugan ng mga salitang may salungguhit sa pangungusap at gamitin ito sa pagbuo ng bagong pangungusap.

1. Sa pag-aaral ng kasaysayan, ang memoir ay maituturing na primaryang batis.
**Kahulugan**: ______________________________________________
**Pangungusap**: ____________________________________________

2. Mahigit 30 taon muna ang pinalipas ni Hen. Santiago Alvarez bago niya inilathala ang kaniyang gunita.
**Kahulugan**: ______________________________________________
**Pangungusap**: ____________________________________________

3. Inihayag niyang sila ni Emilio Aguinaldo ay dating magkapalagayang–loob, magkaibigan, at magbayaw.
**Kahulugan**: ______________________________________________
**Pangungusap**: ____________________________________________

4. Sa pagdedetalyeng ito ni Santiago Alvarez ay makikitang mas may lohika ang katwiran ni Emilio Aguinaldo at hindi nabanggit kung bakit walang sinasabi si Emilio Jacinto o si Dr. Pio Valenzuela.
**Kahulugan:** ______________________________________________
**Pangungusap**: ____________________________________________

5. Habang hirap na hirap ang pangkat ng Supremo na magtagumpay sa paghihimagsik sa Maynila ay matagumpay naman sina Aguinaldo sa Cavite.
**Kahulugan**: ______________________________________________
**Pangungusap**: ____________________________________________

**C. Paglinang at Pagpapalalim**

**Ikalawang Araw**

**Kaugnay na Paksa 1:** Kabuluhan ng memoir Bilang Tekstong Ekspositori

1. **Pagproseso ng Pag-unawa**

   **Patnubay na Tanong**: Basahin ang mga gabay na tanong bago basahin ang akda bilang gabay sa inyong pag-unawa.

   A. Ano ang pagkakaiba ng *memoir* sa ibang mga sanaysay?

   B. Bakit itinuturing na primarying batis ang isang *memoir*?

   C. Paano nakatutulong ang pagsusuri sa *memoir* sa pag-unawa sa tunay na naganap sa kasaysayan?

**PINATNUBAYANG PAGBASA**: Sama-samang basahin ang memoir na **"Pagsusuri sa Primaryang Batis: Si Andres Bonifacio, ang Katipunan at ang Himagsikan ni Santiago V. Alvarez"** ni Joel Costa Malabanan.

A. **TANONG-TUGON:** Ano ang mahihinuha mong naging bunga ng mga sitwasyong inilahad sa memoir ni Santiago Alvarez?

**Hinuha mo!**

| | |
|---|---|
| Naging sunod-sunod ang pagkatalo ng pwersa ni Bonifacio sa Maynila habang nagwawagi naman ang pwersa ni Aguinaldo sa Cavite. | ________________________ |
| Ang di tiyak na kapanalig at kaaway sa isang samahan o origanisasyon ay nagdudulot ng kabiguan | ________________________ |
| Ang tunggaliang Bonifacio at Aguinaldo ay nakaapekto sa pagkakaisa ng Katipunan. | ________________________ |

B. **#TUNAYnaBUHAY:** Balikan ang nabasang memoir. Mula rito, suriin at iugnay ang mga pangyayari sa akda na maaaring nangyayari sa tunay na buhay batay sa isang karanasan, naranasan, o nasaksihan.

| PANGYAYARI SA MEMOIR | #TUNAYnaBUHAY |
|---|---|
| May naging tunggalian sa pulitika sa pagitan nina Bonifacio at Aguinaldo | ________________________ |

Talagang mahaba ang bawat memoir at isang buong aklat ang sinulat ni Hen. Santiago Alvarez.

Ang nakatala ay lagom na pagsusuri ng nasabing memoir.

Ipatala sa mga mag- aaral ang mahahalagang impormasyon na matatagpuan sa memoir ni Santiago Alvarez.

Gawing batayan ang memoir sa worksheet sa Filipino.

Iparinig at ipasuri ang "Awit kay Andres Bonifacio" ni Pat Villafuerte at Joel Costa Malabanan sa https://www.youtube.com/watch?v=zq2YzGIr_KI

| | |
|---|---|
| | ______________________<br>______________________ |
| Nakalulungkot na sariling kababayan ang pumaslang sa Supremo ng Katipunan. ➡ | ______________________<br>______________________<br>______________________<br>______________________<br>______________________ |
| Ang halalan sa Tejeros ay hindi naging patas. ➡ | ______________________<br>______________________<br>______________________<br>______________________ |
| Natutuhan natin sa kasaysayan na hindi tayo natututo. ➡ | ______________________<br>______________________<br>______________________<br>______________________ |
| May mga pahayag sa *memoir* ni Hen. Santiago Alvarez na nagbibigay-linaw sa ilang mga misteryo sa kasaysayan. ➡ | ______________________<br>______________________<br>______________________ |

### Ikatlong Araw

**2. Paglalapat at Pag-uugnay**

**C. Punan ang tsart ng hinihingi ng mga tanong kaugnay ng binasang *memoir*.**

| TANONG | TUGON |
|---|---|
| **ANO**<br>Ano ang mahalagang impormasyon ang natuklasan mo sa *memoir* ni Santiago Alvarez? | ______________________<br>______________________<br>______________________<br>______________________ |
| **SINO**<br>Sino ang lumilitaw na bayani at taksil batay sa *memoir*? Patunayan ang sagot. | ______________________<br>______________________<br>______________________ |
| **BAKIT**<br>Bakit mahalagang suriin ang kasaysayan ng ating bansa? | ______________________<br>______________________<br>______________________ |
| **PAANO** | ______________________ |


Mga Sanggunian


- Alvarez, Santiago. Si Andres Bonifacio, Ang Katipunan at ang Himagsikan. Pahayagang Sampagita, 1927
- Constantino, Renato. Ang Bagong Lumipas, p. 220-221, UP Press, 1997
- Ochosa, Orlino.

| | | |
|---|---|---|
| | <table><tr><td>Paano natin maiwawasto sa kasalukuyan ang mga pagkakamali ng ating lahi sa kasaysayan?</td><td>_______________<br>_______________<br>_______________<br>_______________</td></tr></table><br><br>**Kaugnay na Paksa: Tekstong Ekspositori Batay sa Estruktura**<br>**Pagproseso ng Pag-unawa**<br><br>**Patnubay na Tanong:** Basahin ang mga gabay na tanong bago basahin ang akda bilang gabay sa inyong pag-unawa.<br>1. Ano ang tinatawag na Kohesyong Gramatikal?<br>2. Papaano nagkakaiba ang Anapora sa Katapora?<br>3. Bakit mahalaga ang Kohesyong Gramatikal sa pagpapahayag? | Bandoleros, p.5-6. New Day Publishers, 1995 |
| **D. Paglalahat** | **Ikaapat na Araw**<br>**Pinatnubayang Pagsasanay:** Basahin at unawain ang mga gabay sa epektibong pag-ulat.<br><br>**Ang Kohesyong Gramatikal sa Paglikha ng Tekstong Ekspositori**<br>Nakabatay ang epektibong paglalahad ng impormasyon sa pagkakaroon ng Kohesyong Gramatikal sa pagsusulat. Ang **Kohesyong Gramatikal** ay tumutukoy sa organisado at mahusay na ugnayan ng mga pangungusap sa isang talata. Upang hindi maging paulit-ulit o redundant ang pagbanggit sa mga pangngalan o salita, mahalaga ang papel na ginagampanan ng panghalip.<br>Tinatawag na **Anapora** ang pahayag kung ang paghalip ay sumusunod sa pangngalang tinututukoy.<br>***Halimbawa:***<br>*Ang nagtatag ng Katipunan ay si Andres Bonifacio. Siya ang kinikilalang Supremo ng Katipunan.*<br>Mapapansing sa halip na ulit-ulitin ang pangngalang Andres Bonifacio ay ginamit ang panghalip na siya sa sumunod na pangungusap.<br>Tinatawag namang **Katapora** ang pahayag kung ang panghalip ay nauuna sa pangngalang tinutukoy.<br>***Halimbawa:***<br>*Heneral Apoy ang tawag sa kaniya. Si Santiago Alvarez ay bayaning Kabitenyo.* | |

| | | |
|---|---|---|
| | Sa halimbawa, nauna ang panghalip na kaniya bago ang tinutukoy sa pangalawang pangungusap na si Santiago Alvarez.<br><br>Nagaganap naman ang Pagpapalit o substitusyon ng salita kapag sa sumunod na pangungusap ay gumamit ng ibang salita pamalit sa isang bagay na tinatalakay. Tinatawag itong **Nominal** kapag ang pinapalitan ay pangngalan.<br><br>***Halimbawa:***<br>*Nakipagdigmaan ang mga Katipunero sa mga Kastila. Nagbuwis ng buhay ang mga Anak ng Bayan upang itaboy ang mga mananakop.*<br><br>Ang salitang mga *Anak ng Bayan* ang ipinalit sa salitang *Katipunero* habang ang salitang mananakop naman ang ipinalit sa salitang *Kastila.*<br><br>**Verbal** naman ang tawag kapag ang pinapalitan ay pandiwa.<br><br>***Halimbawa:***<br>*Nabatid nina Bonifacio ang pagsasamantala ng mga Kastila. Nalaman nilang tanging rebolusyon lamang ang paraan upang lumaya ang bayan.*<br><br>Ang pandiwang nabatid ay pinalitan ng nalaman sa pangalawang pangungusap.<br>Iiisa ang kahulugan ng dalawang pandiwang nabanggit.<br><br>Kapag naman nais pag-ugnayin ang dalawang pangungusap ay gumagamit ang nagpapahayag ng **Pang-ugnay** o **Pangatnig.**<br><br>***Halimbawa:***<br>*Sunod-sunod ang pagkatalo nina Bonifacio sa Maynila habang sunod-sunod naman ang pagwawagi nina Aguinaldo sa Cavite.*<br><br>Ang pangatnig na habang ang nag-ugnay sa una at pangalawang pahayag.<br>Nagbabago ang angkop na gagamiting pangatnig batay sa diwa ng mga pahayag na pinag- uugnay. Kung sanhi at bunga ang ipinapahayag, angkop na gamitin ang pangatnig na upang, nang, dahil, sapagkat at iba pa.<br><br>***Halimbawa:***<br>*Hinikayat nina Bonifacio at Jacinto na sumanib sa Katipunan ang mga mayayamang Pilipino upang mapalakas ang pwersa laban sa mga Kastila.*<br><br>Natuklasan ang Katipunan ng mga Kastila sapagkat nagtaksil ang kasapi nitong si Teodoro Patino.<br><br>Naipahayag ni Bonifacio ang hangaring maghimagsik nang ilathala ng | Sa pasalitang paglalahad, ang diksyon ay tungkol sa wastong pagpili at pagbigkas |

| | | |
|---|---|---|
| | Katipunan ang pahayagang Kalayaan.<br><br>**Mga Kasanayang Pang-akademiko sa Pagsulat ng Tekstong Ekspositori**<br>Sa pagsulat ng balita, sanaysay, lathalain, o anomang artikulo na nagpapahayag ng impormasyon at katotohanan, mahalaga ang papel ng mga Kasanayang Pang-akademiko gaya ng pagtukoy sa paksa, layon at ideya, pagtatala ng mahalagang impormasyon (detalye), mekaniks sa pagsulat (diksiyon, estilo, at paggamit ng transisyonal at kohesiyong gramatikal), paggamit ng angkop na mga salita sa pagpapahayag ng ideya at pagbuo ng talata.<br>1. **Pagtukoy sa Paksa** – ito ay ang pagkilala sa tema o paksa na tinatalakay ng artikulo. Sa una at ikalawang pangungusap pa lamang ng talata ay mauunawaan na ng mambabasa ang intensiyon at layunin ng pahayag. Ang ideyang ipinapahiwatig ng talata ay dapat na maging malinaw.<br>2. **Pagtatala ng Mahalagang Impormasyon** – ang mga detalye ng pahayag ang nagbibigay ng mga kaalaman sa mambabasa ng tekstong ekspositori.<br>3. **Mekaniks sa Pagsulat** – tinutugunan naman nito epektibong paggamit ng mga Kohesyong Gramatikal at mga transisyonal na pahayag (gamit ang mga pangatnig na samakatuwid, kung tutuusin, kung lalagumin, bilang pagwawakas at iba pa) upang epektibong mapalutang ang estilo ng manunulat.<br>4. **Paggamit ng mga Angkop na Salita** – ang mahusay na pagpili ng mga angkop na salita ang magbibigay ng kapangyarihan sa manunulat upang epektibong maipahayag ang kaniyang mga argumento na makatutulong sa paglalahad ng mensahe ng artikulo o sulatin.<br>5. **Estilo at Diksyon** – Nabubuo at lumilitaw ang estilo ng manunulat habang patuloy siya sa paglikha. At nakaaapekto ang mahusay na estilo ng manunulat sa paglalahad niya ng ideya. Samantala, ang diksyon ay tumutukoy sa pagbibigay-diin sa wastong salitang angkop gamitin depende kung pormal o impormal ang paglalahad.<br><br>**Paglalapat at Pag-uugnay**<br>Ipabasa sa mga mag-aaral ang memoir ni Hen. Artemio Ricarte na pinamagatang "Himagsikan ng mga Pilipino Laban sa Mga Kastila" sa | ng salita para sa epektibong pagpapahayag. Sa pasulat na paglalahad lalo pa sa Tekstong Ekspositori, ang diksyon ay nakatuon sa pagbibigay-pansin kung pormal ba, o seryoso ang paraan ng paglalahad o ito ba ay impormal. Nababago ang salitang gagamitin batay sa estilo ng at layunin ng manunulat. |

| | | |
|---|---|---|
| | https://www.oocities.org/valkyrie47no/ricarte.htm<br><br>Pagkatapos ay papunuan ang diagram upang mailapat ang pagkakaugnay ng memoir ni Hen. Santiago Alvarez at Heneral Artemio Ricarte upang malagom ang pagkakatulad at pagkakaiba ng kanilang paglalahad.<br><br><br> | |

| | | |
|---|---|---|
| **E. Pagtataya** | **Pagsusulit**<br>**A. Tukoy-Salita**<br>Isulat sa patlang sa unahan ng bilang kung ang ginamit na Kohesyong Gramatikal sa sumusunod ay Anapora o Katapora.<br><br>_______________ 1. Nagsilbing tagapayo ni Bonifacio si Emilio Jacinto. *Siya* ang kinikilalang "Utak ng Katipunan".<br>_______________ 2. *Siya* ang kinikilalang Vibora, ang matapang na si Heneral Artemio Ricarte.<br>_______________ 3. Kalayaan ang pahayagan ng Katipunan. *Ito* ay nalathala noong Marso, 1896.<br>_______________ 4. Ang Supremo ng Katipunan ay *siya*, si Andres Bonifacio.<br>_______________ 5. Batid ni Heneral Apoy ang kataksilan ng pangulo. Nasaksihan *niya* ang lahat.<br>_______________ 6. Noong 1942, si Artemio Ricarte sana ang nais ng mga Hapon na maging pangulo. Ngunit di na *siya* kilala ng mga Pilipino.<br>_______________ 7. Ang *memoir* ay itinuturing na primarying batis. *Ito* ay mainam na pagkunan ng impormasyon.<br>_______________ 8. Ang tekstong ekspositori ay matatagpuan din sa dyaryo. *Ito* ay ang editoryal.<br>_______________ 9. Bata pa ngunit matalino *siya*, si Emilio Jacinto na may sagisag-panulat na Pingkian.<br>_______________10. Naging tagapayo naman ni Aguinaldo si Apolinario Mabini. *Siya* ang "Utak ng Himagsikan".<br><br>**B. Gawaing Pambahay/Takdang-Aralin**<br>**TUON-SULAT:** Pagsulat ng Tekstong Ekspositori<br>Magsaliksik tungkol sa Panukat ng Pagkataong Pilipino. Itala ang mga pangunahing katangian ng lahing Pilipino mula sa pananaliksik ni Dr. Annadaisy J. Carlota sa pamamagitan ng organisadong mga pangungusap na hindi bababa sa sampu. Isulat ang nalikhang naratibo sa hiwalay na papel gamit ang mga natutuhan sa pagsulat ng Tekstong Ekspositori. Patunayan kung tumpak ang mga impormasyong kaniyang ipinahayag.<br>Basahin ang Kalagayan ng malayang pamamahayag sa Pilipinas na tinalakay sa State of the Campus Press Forum ng CEGP sa: https://www.plaridel.ph/index.php/2021/02/19/utak-at-papel-bilang- | Mga Kasagutan:<br><br>1. Anapora<br>2. Katapora<br>3. Anapora<br>4. Katapora<br>5. Anapora<br>6. Anapora<br>7. Anapora<br>8. Anapora<br>9. Katapora<br>10. Anapora |

| | | |
|---|---|---|
| | sandata-kalagayan-ng-malayang-pamamahayag-tinalakay-sa-state-of-the-campus-press-forum-ng-cegp/<br>Pagkatapos ay gumawa ng isang sanaysay na ekspositori gamit ang rubrik sa ibaba: | |

| Bibigyan ng Tuon | Pamantayan sa Pagmamarka | 1 | 2 | 3 | 4 | 5 |
|---|---|---|---|---|---|---|
| Nilalaman | Nagtataglay ng sampu o higit pang pangungusap at kinatatampukan ng mahusay na pananaliksik sa paksa. | | | | | |
| Balarila | Gumamit ng wastong bantas sa paglalahad at angkop na pamamaraan ng pagsulat. | | | | | |
| Pagkamalikhain | Nagamit nang buong husay ang mga natutuhan sa epektibong pagsulat ng Tekstong Ekspositori. | | | | | |
| Organisasyon ng Diwa | Maayos ang pagkakabuo ng mga kaisipan at madaling maunawaan. | | | | | |
| Kabuuang Marka | 17-20- Pinakamahusay<br>14-16- Mahusay<br>12-13- Di-Gaanong Mahusay<br>10-11- Kailangang Magsanay pa | | | | | |

| **F. Pagbuo ng Anotasyon** | **Itala ang naobserhan sa pagtuturo sa alinmang sumusunod na bahagi.** | **Epektibong Pamamaraan** | **Problemang Naranasan at Iba pang Usapin** | F. Pagbuo ng Anotasyon<br><br>Ang bahaging ito ay oportunidad ng guro na maitala ang mga mahalagang obserbasyon kaugnay ng naging pagtuturo. Dito ididokumento ang naging karanasan mula sa namasdang |
|---|---|---|---|---|
| | ***Estratehiya*** | | | |

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| | ***Kagamitan*** | | | estratehiya, kagamitang panturo, pakikisangkot ng mag-aaral at iba. Maaaring tala rin ang bahaging ito sa dapat maisagawa o maipagpatuloy sa susunod na pagtuturo. |
| | ***Pakikilahok ng mga mag-aaral*** | | | Dito idodokumento ang naging karanasan mula sa namasdang estratehiya, kagamitang panturo, pakikisangkot ng mag-aaral at iba. Maaaring tala rin ang bahaging ito sa dapat maisagawa o maipagpatuloy sa susunod na pagtuturo. |
| | ***At iba pa*** | | | |

| | | |
|---|---|---|
| **G. Pagninilay** | Gabay sa pagninilay:<br><br>▪ ***Prinsipyo sa pagtuturo***<br>Anong prinsipyo at paniniwala ang naging bahagi ng mga gawain sa aralin? Bakit dapat ituro ang aralin sa paraang aking ginawa?<br><br>▪ ***Mag-aaral***<br>Anong gampanin ng mga mag-aaral sa pagtuklas sa aralin? Ano at paano natuto ang mga mag-aaral?<br><br>▪ ***Pagtanaw sa Inaasahan***<br>Ano ang aking nagawang kakaiba?<br>Ano ang maaari kong pang gawin sa susunod? | Ang bahaging ito ay patnubay sa guro para sa pagninilay. Ang mga maitatala sa bahaging ito ay input para sa gawain sa LAC na maaaring maging sentro ang pagbabahagi ng mga magagandang gawain, pagtalakay sa mga naging isyu at problema sa pagtuturo, at ang inaasahang mga hamon. Ang mga gabay na tanong ay maaring mailagay sa bahaging ito. |